5

# Modelong Banghay- Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 5



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 5**
**Kuwarter 2: Linggo 5**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una hanggang Ikatlong araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong impormatibo (balita).**<br>*a. Naibibigay ang mahahalagang impormasyong nakapaloob.*<br>*b. Nakapagbibigay ng sariling opinyon.*<br>**Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso**<br>*b. naglalahad (balita)*<br>**Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa pambansang pistang opisyal.**<br>*(Ikaapat na araw)*<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*d. Pokus ng Pandiwa (tagaganap/aktor)*<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:**<br>*d. konteksto (Ramadan)*<br>**Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon:**<br>• *pakikihalubilo sa ibang tao (pagpapakilala, pangungumusta, pag-anyaya sa pagkain,* |

| | |
|---|---|
| | *pagpapatuloy sa bahay, pakikisangkot sa biruan sa positibong paraan, pagtatanong*<br>*(Ikalimang araw)*<br>**Natutukoy ang mga elemento ng *multimedia*.**<br>● *audio (recorded narration)* |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG IMPORMATIBO:<br>Balita<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Pokus ng Pandiwa (tagaganap/aktor)<br>TEKSTONG BISWAL:<br>*audio (recorded narration)* |
| **D. Integrasyon** | Pananampalataya ng Ramadan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Larawan ng mga Ulo ng Balita. (2024). Nakuha mula sa https://www.google.com/search?sca_esv=1ac063025a92ebf4&q=images<br>Stand for Truth: Paano pinaghahandaan ng mga Muslim ang Ramadan? (2019). Nakuha mula sa https://www.youtube.com/watch?v=9oYRhLKJTAw |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

<table>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td>
<td>
UNANG ARAW<br><br>
LARAWSURI: Pagsusuri ng larawan<br><br>
1. Maikling Balik-aral<br><br>
Bumuo ng pamagat ng ulo ng balita batay sa napiling larawan.<br><br>
Ipakita muna ang mga halimbawa ng ulo ng mga balita upang maging gabay sa paggawa nito.<br><br>

Elevator bumagsak, obrero nahati
Balita
CHRISTMAS BREAK, PINAAGA
Bakasyon ng public schools, sa Dis. 15 na

Pilipino Star NGAYON
Piolo inilabas ang pagmamahal kay Sarah
3 PISKAL NG PASAY SINUSPINDE NG DOJ
MISIS INUTAS NI MISTER BAGO NAG-SUICIDE
TRAIN LAW SUSUSPENDIHIN
Niluluto ng Kamara
MAYOR NG BOHOL ITINUMBA SA SABUNGAN!

Bandera
BALITA • BUENAS • CHIKA
SINGIL SA TUBIG TAAS DIN
Pasko nang bumaha ng dugo<br><br>
Kinuha sa: https://www.google.com/search?sca_esv=1ac063025a92ebf4&q=images
</td>
<td>
Maghanda ang guro ng mga larawan kung saan bubuo ng pamagat para sa ulo ng balita ang mga mag-aaral.<br><br>
Ipaalala sa mga mag-aaral na sa paggawa ng ulo ng mga balita ay iba sa pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **BALITAKULTURA: Pagkilala sa Ramadan**<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang maiugnay ang mga dating karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan bago basahin ang tampok na aralin.<br>1. Narinig mo na ba ang salitang "*Ramadan*"?<br>2. Ano ang pagkaunawa mo rito?<br>3. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipakikita ang paggalang sa ibang relihiyon?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Angkop na Wika:** Bago basahin ang balita, tukuyin kung paano ginamit ang mga salita sa sitwasyong nakasaad. Isulat ang letra sa patlang at ipaliwanag ang naging sagot.<br><br>**1.** Hindi puwedeng kumain ang mga Muslim kapag sila ay nag-aayuno para sa *Ramadan.* Narinig mong pinipilit ng kaklase mo ang isa mo pang kaklaseng Muslim na kumain. Ano ang angkop na pahayag ang sasabihin mo?<br>a. Huwag mo siyang pilitin.<br>b. Hayaan mo siya.<br>c. Huwag mo siyang piliting kumain dahil siya ay isang Muslim. Ramadan nila ngayon kaya igalang mo ang kaniyang paniniwala.<br>**Sagot at Paliwanag:** ________________________________________________<br>______________________________________________________________________<br><br>**2.** Nakita mong pinagtatawanan ng mga kaklase mo ang kaklase mong babaeng Muslim dahil nakasuot siya ng *hijab* o belo**.** Ano ang sasabihin mo sa mga kaklase mo?<br>a. Magsitigil na kayo!<br>b. Huwag naman ninyong pagtawanan ang kaklase natin dahil lang may belo siya. Hindi ito tama. Igalang natin ang relihiyon niya.<br>c. Huwag kayong bastos! Igalang niyo siya kahit iba siya sa atin. Kayo rin ay nagsusuot ng sombrero o belo kaya huwag niyo siyang pagtawanan. | Tumawag ng mag-aaral na sasagot sa bawat tanong na nakasaad. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Sagot at Paliwanag: ______________________________________________<br>
____________________________________________________________________<br><br>
3. Ang panahon ng pag-aayuno o sawm sa mga Muslim tuwing Ramadan ay bahagi ng kanilang tradisyon. Maliban sa pagkain ay bawal din silang uminom kahit tubig mula pagsikat ng araw hanggang paglubog nito. Dahil sa nalaman mo binigyan ng kaibigan mo ng juice ang kaklase mong Muslim. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?<br>
a. Huwag mo siyang bigyan ng kahit juice sapagkat iyan ay haram o bawal pa rin sa kanila kapag Ramadan. Igalang mo ang kaniyang pag-aayuno at huwag mo siyang tuksuhin.<br>
b. Huwag mo siyang bigyan ng kahit juice sapagkat iyan ay haram o bawal pa rin sa kanila kapag Ramadan. Mamaya na lang kapag wala nang nakakakita.<br>
c. Naku, bawal iyang ginagawa mo. Itigil mo na iyan.<br>
Sagot at Paliwanag: ______________________________________________<br>
____________________________________________________________________
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
BALITALAKAYAN: NAGLILIYAB NA KAALAMAN<br>
Kaugnay na Paksa 1: Pagbasa sa Balita<br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Ano ang unang pumapasok sa isipan mo kapag naririnig ang sumusunod na salita:<br>
1. Ramadan: Sagot: ____________________________________________<br>
2. Pag-aayuno: Sagot: _________________________________________<br>
3. Muslim Sagot: ______________________________________________<br><br>
Sa pagpapatuloy ng mag-aaral sa pagkilala ng Ramadan, ipabasa ang balita hinggil sa ibig sabihin nito.<br>
Tekstong Impormatibo: Balita<br>
Ayuno sa Buwan ng Ramadan Sinimulan na<br>
Halaw mula sa: https://news.abs-cbn.com/news/03/23/23/pag-aayuno-para-sa-banal-na-buwan-ng-ramadan-sinimulan-na
</td>
<td>
Tumawag ng tatlong mag-aaral upang pakinggan ang kanilang palagay sa mga terminolohiyang nakasaad.<br><br>
.<br><br>
Pangkatin sa tatlo ang klase at ipabasa ang tatlong talata ng balita. Ipaalala sa mga mag-aaral na sa pagbabasa ng balita ay damdamin ang pagbabalita na ang ibig sabihin ay tila newscaster habang binabasa ang balita.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Paggalang o respeto ang panawagan ng Imam sa mga hindi Muslim para sa kanilang obligasyon.<br>"Dapat po talaga, bilang tao, kahit magkakaiba ng relihiyon ay nagrerespetuhan. Alam po ng kahit sinoman na hindi Muslim na kapag sumapit na ang Ramadan ay nag-aayuno ang mga Muslim. Kaya po kung mayroon silang katrabaho, kaibigan na mga Muslim na alam nila na nag-*fafasting* ay huwag nilang yayaing kumain, wika ni Imam Alawi.<br>Ang Ramadan ay isang banal na buwan ng pag-aayuno na ginaganap tuwing ikasiyam na buwan ng Hijri o Kalendaryo ng Islam. Nangangamba rin si Imam Alawi na makalimutan na ang Islam ng bagong henerasyon. Kaya't panawagan niya sa mga magulang na isama ang pag-aayuno sa pagtuturo sa mga anak ng Islam.<br>Sinabi naman ni Imam Bayan Radia, *deputy grand* Imam ng Blue Mosque, na nawa'y maintindihan ng mga guro at superbisor sa opisina ang pag-aayuno ng mga Muslim.<br>Nakiisa si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa pagsisimula ng Ramadan.<br>*"This season of fasting, prayer, and almsgiving is an opportune time to embody the values of discipline, reverence, and humility. The spiritual that the gate of Heaven is open during this sacred month calls upon our brothers and sisters to purify their souls against the perils of worldly pleasures as well as seek for forgiveness and peace,"* ayon sa pangulo.<br>Nanawagan din siyang isama sa dasal ngayong Ramadan ang mga nagugutom, nasalanta ng kalamidad, at iba pang sakuna.<br>Samantala, naglabas ng memorandum sirkular ang Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao para sa *flexible working hours* na 7:30 a.m. hanggang 3:30 p.m. para sa mga empleyadong nag-*fafasting* sa buwan ng Ramadan. Ibabalik ito ng rehiyon sa 8 a.m. - 5 p.m. sa pagtatapos ng Ramadan sa Abril. Tatagal ng isang buwan ang pag-aayuno at pagkatapos ay ipagdiriwang ang Eid al-Fitr.<br><br>**BALITA-SULIRANIN: PAGTUGON SA PAGSASANAY**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>A. Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa binasang balita.<br><br>1. Tungkol saan ang binasang balita?<br>**Sagot:** ______________________________ | Itanong muli sa mga mag-aaral kung tungkol saan ang binasang balita? Ano ang natutuhan? |

2. Ano ang panawagan ni Imam Alawi?
**Sagot:** ____________________________________________
____________________________________________

3. Ano naman ang naging pahayag ni Imam Bayan Radia?
**Sagot:** ____________________________________________
____________________________________________

4. Ano ang pagkaunawa mo sa pahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa pagsisimula ng *Ramadan*?
**Sagot:** ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5. Ano kaya ang ibig sabihin ng *flexible working hours*?
**Sagot:** ____________________________________________
____________________________________________

**IKALAWANG ARAW**

B. **Pagbibigay-Opinyon:** Iahad ang sariling opinyon batay sa mga pahayag mula sa balitang binasa. Gawing gabay ang talahanayan.

| Mula sa Balita | Opinyon Ko |
|---|---|
| 1. "Dapat po talaga, bilang tao, kahit magkakaiba ng relihiyon ay nagrerespetuhan." | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 2. Nawa'y maintindihan ng mga guro at superbisor sa opisina ang pag-aayuno ng mga Muslim. | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 3. "Isama natin sa dasal ngayong *Ramadan* ang mga nagugutom, | ______________________ |

Ipaalala sa mga mag-aaral na ito ay natalakay na sa unang kuwarter.

| | |
|---|---|
| nasalanta ng kalamidad, at iba pang sakuna," ani ng Pangulo. | ______________________________ ______________________________ |

**BALITA-SUKDULAN: BUGSO NG NATUTUHAN**
**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**A.** Maglista ng mga natutuhan sa paglalagay ng salita o parirala sa akronim ng *Ramadan*. Isulat ang sagot sa patlang:

**R** ____________________________________________________________
**A** ____________________________________________________________
**M** ____________________________________________________________
**A** ____________________________________________________________
**D** ____________________________________________________________
**A**____________________________________________________________
**N** ____________________________________________________________

**B.** Buoin ang talata batay sa binasang balita. Isulat ang sagot sa patlang.

Ang balita ay tungkol sa (1) ______________________________. Nanawagan si Imam Alawi sa mga magulang na (2) ____________________________________ ____________________________. Si Imam Bayan Radia ang (3) __________________ ay nagsabi na unawain ng mga guro at superbisor ang (4) ____________________ __________________. Nanawagan naman si Pangulong Marcos, Jr. na ang panahong ito ng pag-aayuno, panalangin, at pagbibigay ay panahon ng pagpapahalaga sa disiplina, pagpipitagan, at pagpapakumbaba. Panahon din ito ng paghingi ng kapatawaran at kapayapaan. Idinagdag din ng pangulo sa kaniyang panawagan na (5) ____________________________________________________ __________________________.

**Kaugnay na Paksa 2: Pokus ng Pandiwa (Tagaganap/Aktor)**

**Ipabasa ang mga pangugusap mula sa tampok na balita:**

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Nanawagan si **Imam Alawi** sa mga di Muslim.<br>2. May panawagan ding inihayag ang **pangulo.**<br>3. Naglabas ng memorandum sirkular ang **pinuno** ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao para sa *flexible working hours.*<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**<br>1. Ano ang napansin sa mga initimang salita?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>2. Ano ang simuno sa bawat pangungusap? Paaano ito ginamit?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>3. Ano ang mga pandiwang ginamit sa bawat pangungusap?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>4. Ano ang mga panlaping ginamit sa bawat pandiwa?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>5. Ano kayang pokus ng pandiwa ang ginamit sa bawat pangungusap?<br>**Sagot:** ________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Talakayin ng Guro:**<br>**Aktor-pokus o Pokus na Tagaganap –** ang paksa ang tagaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa sa pangungusap; sumasagot sa tanong na "sino".<br>Hal. Nakinig sa balita ang mga **mag-aaral.**<br>Binasa ng **guro** ang balita.<br><br>2. **A. Pinatnubayang Pagsasanay:** Humanap ng kapareha at sagutin ang sumusunod na tanong.<br><br>1. Ano ang pagkaunawa mo sa pokus aktor ng pandiwa?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>________________________________________<br>2. Ano ang tanong na sinasagot ng aktor sa pangungusap?<br>**Sagot:** ________________________________________<br>________________________________________<br>3. Ano-ano ang karaniwang panlapi ang ginagamit sa aktor pokus ng pandiwa?<br>**Sagot:** ________________________________________ | |

| | | |
|---|---|---|
| | ________________________________________<br>4. Magbigay ng tigdalawang halimbawa ng pokus ng pandiwang aktor o tagaganap.<br>**Sagot:** ________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**B.** Bilugan ang **pokus tagaganap/aktor** sa bawat pangungusap at guhitan ang pandiwang ginamit.<br>1. "Kailangan nating igalang ang *Ramadan*," ang ipinahayag ni Imam Alawi.<br>2. Hindi marunong gumalang sa *Ramadan* ang kaklase ko.<br>3. Maging ang pangulo ay nakiisa sa *Ramadan*.<br>4. Nag-aayuno ang aming guro dahil isa rin siyang Muslim.<br>5. Ang bawat tao ay kailangang matutong gumalang sa anomang relihiyon.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>Sumulat ng limang pangungusap na may **pokus tagaganap/aktor.** Gawing gabay ang pandiwang nakasaad.<br>1. **nanawagan**<br>*Pangungusap:* ________________________________________<br>2.**gumalang**<br>*Pangungusap:* ________________________________________<br>3. **mag-ayuno**<br>*Pangungusap:* ________________________________________<br>4. **nagpahayag** | |

| | | |
|---|---|---|
| | *Pangungusap:* ______________________________________________<br>5**. makiisa**<br>*Pangungusap:* ______________________________________________ | |
| **4. Paglalahat** | **BALITA-WAKAS: PAGTUGON**<br>• **Pabaong Pagkatuto**<br><br>A. Sumulat ng balita tungkol sa anomang pagdiriwang (halimbawa: *EDSA People Power Revolution*, *Independence Day*, Araw ng mga Bayani, Kaarawan ni Bonifacio, Kamatayan ni Rizal atbp.) na sumasagot sa sumusunod na tanong:<br><br>1. Pamagat (magtala ng hindi hihigit sa anim na salita) ____________________<br>2. Ano? (Ano ang paksa ng balita?) ______________________________________<br>3. Kailan? (Kailan ang pagdiriwang?) ____________________________________<br>4. Saan? (Saan isasagawa?) ____________________________________________<br>5. Paano? (Paano ang gagawing paghahanda?) ____________________________<br><br>B. Isulat ang buod ng binasang balitang “Ayuno sa Buwan ng *Ramadan* Sinimulan na.” Tiyaking may lima hanggang pitong pangungusap lamang ang gagamitin.<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br>________________________________________________________________<br><br>• **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Paggalang sa Ramadan:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br><br>1. Paano mo maipapakita ang paggalang mo sa *Ramadan*? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ano ang gagawin mo kung may nakita kang kaklase mong Muslim na kumakain kahit na *Ramadan*? Ipaliwanag.<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasan o nasaksihan tungkol sa pagdiriwang ng *Ramadan*. Humandang ibahagi ito sa klase. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pagsusulit**<br>A. Sagutin ang mga tanong batay sa binasang balita. Isulat ang sagot sa patlang.<br>_________________ **1.** Ano ang paksa ng binasang balita?<br>_________________ **2.** Tuwing kailan ipinagdiriwang ang *Ramadan*?<br>_________________ **3.** Bakit nangamba si Imam Alawi?<br>_________________ **4.** Tungkol saan ang panawagan ng Imam ng *Blue mosque?*<br>_________________ **5.** Gaano katagal ang pagdiriwang ng *Ramadan*?<br><br>B. Basahin ang bawat pangungusap at **bilugan ang aktor tagaganap/pokus at guhitan ang pandiwang ginamit.** Pagkatapos, gamitin ang pandiwa sa sariling pangungusap.<br><br>1. Nangamba ang Imam dahil kaunti na lang ang nag-aayuno tuwing *Ramadan.*<br>**Sariling Pangungusap:** ____________________________________________<br>2. Kailangang matuto tayong gumalang sa paniniwala na iba sa atin.<br>**Pangungusap:** ____________________________________________<br>3. Ipinagdiriwang ng mga Muslim ang *Ramadan* dahil napakabanal nito sa kanila.<br>**Pangungusap:** ____________________________________________<br>4. Maging ang ating pangulo ay kinikilala ang *Ramadan.*<br>**Pangungusap:** ____________________________________________<br>5. Kahit ano pa ang relihiyon ng iyong kapwa, dapat ibigay mo ang respeto.<br>**Pangungusap:** ____________________________________________ | |

C. **IYMN (I-*Youtube* Mo NA).** Humanap ng kapareha. Panoorin ang pagsasalaysay tungkol sa Ramadan. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang Muslim batay sa napakinggan.

Narito ang link: *Stand for Truth*: Paano pinaghahandaan ng mga Muslim ang *Ramadan*?
https://www.youtube.com/watch?v=9oYRhLKJTAw

| TERMINOLOHIYA | KAHULUGAN |
|---|---|
| 1. *Ramadan* | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 2. Imam | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |
| 3. Mosque | ______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. bakwit<br><br>5. Sawm (inner table: items 4 and 5 with blank answer lines)<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1. Sa isang buong *bond paper*, sumulat ng balita tungkol sa pagdiriwang ng "Mahal na Araw." Maaaring magsaliksik sa *internet* o makipanayam ukol dito. Sikaping makasulat ng tatlo hanggang limang pangungusap.<br>2. Suriing mabuti ang mga datos na nakasaad sa iyong *ID* sa paaralan. Pag-aralan ito at humanda sa susunod na talakayan. | |

| | | |
|---|---|---|
| 4. bakwit | ______________ | |
| 5. Sawm | ______________ | |

| ***D.*** **Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **E. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |